Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Nobyembre 12, 2024

Sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punong Guro ng mga sumusunod na Paaralan
1. Calumpit National High School
2. Iba National High School
3. San Roque National High School
4. Guiguinto NVHS
5. Felizardo C. Lipana NHS
Pansangay na Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators

Ang parangal para sa mga nagwagi sa Gintong Kabataan Awards (GKA) 2024 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay isasagawa sa Nobyembre 15, 2024 (Biyernes), sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito sa liham na ipinadala ng Panlalawigang Tanggapan sa Pagpapaunlad ng Kabataan at Isports sa pamumuno ni Abgdo. Nikki Manuel S. Coronel ay hinihiling na magpadala ng sampung (10) mag-aaral na mga opisyales ng Student Government upang masaksihan ang kanilang mga kapwa kabataan na nagtagumpay sa iba't-ibang larangan.

Hinihiling na tupdin ang mga sumusunod na paalala para sa mga mag-aaral na dadalo:

1.) Nakasuot ng school uniform at ID;
2.) Mayroong kasamang isang (1) gurong tagapayo
3.) Boluntaryo ang pagsama at mayroong parents/guardians' consent; at
4.) Magkaroon ng service vehicle para sa pagpunta at pag-uwi.

Ang liham na ito ang magsisilbing travel authority ng mga dadalong mag-aaral, gurong tagapayo at Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators.

Ang gastusin para sa pamasahe/service vehicle sa pagdalo ay maaaring kunin mula sa school/canteen funds na sasailalim sa tamang pagtututos.

Para sa kabatiran, gabay at kaukulang pagtalima.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg. 100 s. 2024**

**Address:** Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
**Website:** *https://bulacandeped.com*
**Email:** *bulacan@deped.gov.ph*

DepEd SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
NOV 06 2024
By
Time

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

## PANLALAWIGANG TANGGAPAN SA PAGPAPAUNLAD NG KABATAAN AT ISPORTS

Nobyembre 4, 2024

**DR. NORMA P. ESTEBAN, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Esteban:**

Isang mainit na pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pamamagitan ng Provincial Youth and Sports Development Office (PYSDO), ay muling magsasagawa ng **GINTONG KABATAAN AWARDS (GKA)** para sa taong 2024. Ang GKA ang natatanging parangal para sa mga kabataang Bulakenyo na nagpamalas ng natatanging husay at galing sa ibat-ibang larangan.

Kaugnay nito, magalang naming inaanyayahang dumalo ang limampung (50) mula sa mga Mataas na Paaralan ng inyong dibisyon (opisyales ng Student Government – Grade 10,11,12) upang saksihan ang nasabing gawain sa ika-15 ng Nobyembre, 2024, Biyernes, ganap na ika-1:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan. Gayundin, aming hinihiling na manatili ang mga mag-aaral hanggang sa matapos ang programa.

Pauna na ang aming pasasalamat at inaasahan namin ang inyong positibong pagtugon sa aming paanyaya.

Lubos na sumasainyo,

**ABGDO. NIKKI MANUEL S. CORONEL**
Nanunuparang Pinuno

...los Ople Bldg., Antonio S. Bautista Bulacan Provincial
...l Compound, City of Malolos, Bulacan 3000
...63)764 1268 Email:bulacanyouth.pgb@gmail.com

GOB. DANIEL R. FERNANDO
BISE GOB. ALEX C. CASTRO
AT SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
...pag at Tapat na ...ilingkod sa Inyo."
NEW GENERATION OF PUBLIC SERVANTS
govdanielfernando vgalexcastro
www.bulacan.gov.ph